VICTORY

Honor God. Make Disciples.

2012 Seven Days of Prayer and Fasting

[FILIPINO]

Kaya mamuhay kayo nang ayon
sa nais ng Banal na Espiritu.

GALACIA 5:16

Inaanyayahan ang bawat miyembro ng Victory na makilahok sa taunang pitong araw ng pag-aayuno at pananalangin. Ito ang panahong sama-sama nating inihahandog ang ating mga sarili, pamilya, at gawain sa Panginoon. Manalig tayo sa Diyos na tulungan Niya tayong magtagumpay sa bawat bahagi ng ating buhay sa taong ito.

Praktikal na Gabay sa Pitong Araw ng Pag-aayuno at Pananalangin

Pagkatapos, sinabihan ni Josue ang mga tao, "Linisin n'yo ang inyong sarili dahil bukas gagawa sa inyo ang Panginoon ng mga kamangha-manghang bagay."
Josue 3:5

Mula pa noon, tinatawag na ng Diyos ang Kanyang bayang magpakumbaba sa pamamagitan ng pag-aayuno at pananalangin. Ginagamit ng Diyos ang pag-aayuno bilang sandatang espirituwal para itaguyod ang Kanyang kaharian, magdala ng pagbabago, at magbigay tagumpay sa buhay ng Kanyang mga anak. May kapangyarihang matatamo kapag kusa tayong nagpapakumbaba at naghahangad na matupad ang kalooban ng Diyos.

Bilang isang pamilya, sinisimulan natin ang bawat taon ng pitong araw ng pag-aayuno at pananalangin. Sa ganitong paraan, iniaalay natin sa Diyos ang ating mga sarili at ang paparating na taon. Sama-sama rin tayong nananalig sa Diyos para sa tagumpay sa sarili nating buhay, pamilya, pananalapi, at simbahan.

Sa mga nakaraang taon, bilang resulta ng pag-aayuno at pananalangin, marami na ang nakaranas ng kaligtasan, paggaling, promosyon, pagkakabati-bati sa pamilya, pagpapalang pinansyal, at nakamamanghang paglago ng mga "discipleship group" at simbahan. Laging pinananabikan ng lahat na marinig ang mga patotoo tungkol sa pagtugon ng Diyos sa mga panalanging higit pa sa inaasahan.

Buong-puso tayong manalig na ito'y taon ng himala at kasagutan sa panalangin.

BAKIT KINAKAILANGANG MAG-AYUNO?

"Sabihin ninyo sa mga namumuno sa Juda at sa lahat ng kanyang mamamayan na magsipunta silang lahat sa templo ng Panginoon na kanilang Diyos at mag-ayuno. Humingi sila ng tulong sa Panginoon."
Joel 1:14

1. Nag-ayuno si Hesus.

[1]Pagkatapos nito, dinala ng Banal na Espiritu si Jesus sa ilang upang tuksuhin ng diyablo. [2]Doon ay nag-ayuno si Jesus ng 40 araw at 40 gabi, kaya nagutom siya.
Mateo 4:1,2

Bumalik si Jesus sa Galilean na taglay ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kumalat sa lahat ng lugar doon ang balita tungkol sa kanya.

Lucas 4:14

Bago sinimulan ni Hesus ang Kanyang gawain, nag-ayuno muna Siya ng apatnapung araw. Kailangan Niya ang espirituwal na lakas upang matupad Niya ang Kanyang mga layunin. Pinapahina ng pag-aayuno ang ating pisikal na pangangatawan ngunit pinapalakas naman nito ang ating mga espiritu. Mas nahahanda tayo nito para sa gawain ng Diyos.

2. Ang pag-aayuno ay pagpapakumbaba at pag-aalay ng sarili sa Diyos.

Kapag sila'y nagkakasakit ako'y nalulungkot para sa kanila; nagdaramit ako ng sako at nag-aayuno pa. . . .

Salmo 35:13

Ang kapakumbabaan ay nagbubunga ng biyaya ng Diyos. Kapag magpapakumbaba tayo, agad tayong napapalapit sa Panginoon. Kung isinasantabi natin ang ating sarili upang ilaan sa Diyos, nagkakaroon tayo ng pagtitimpi sa ating damdamin at mga pagnanais.

3. Mas magiging sensitibo tayo sa Banal na Espiritu kapag nag-aayuno.

Habang sumasamba sila sa Panginoon at nag-aayuno, sinabi ng Banal na Espiritu sa kanila, "Italaga ninyo para sa akin sina Bernabe at Saulo, dahil may ipapagawa ako sa kanila."

Mga Gawa 13:2

Kapag isinasantabi nating pansamantala ang mga natural nating pagnanais, magiging mas sensitibo tayo sa tinig ng Banal na Espiritu. Mas malinaw natin Siyang napakikinggan. Mas naitutuon natin ang ating isipan sa Diyos at napapasakop sa Kanyang kalooban. Binibigyang-daan nito ang Banal na Espiritu na makakilos sa ating buhay.

4. Nagdudulot ng pagbabago ang pag-aayuno.

[2]. . . Noong unang taon ng paghahari niya, nalaman ko sa mga Kasulatan na mananatiling giba ang Jerusalem sa loob ng 70 taon, ayon sa sinabi ng Panginoon kay Propeta Jeremias. [3]Dahil dito, ako'y lumapit at nanalangin sa Panginoong Diyos. Nag-ayuno ako, nagdamit panluksa at naglagay ng abo sa ulo.

Daniel 9:2,3

Natutulungan tayo ng pag-aayuno na magtiyaga sa pananalangin. Noong panahon ni Daniel, alam niyang patungo sa tiyak na kapahamakan ang Israel. Alam din niyang ang tanging solusyon dito ay ang pananalangin at pag-aayuno. Sa buong kasaysayan ng tao, ginamit ng Diyos ang pag-aayuno at pananampalataya sa pagbago at pagligtas ng maraming bansa.

5. Mabuti sa kalusugan ang pag-aayuno.

Nililinis ng pag-aayuno ang ating tiyan sa mga "toxin." Itinuturing ng mga doktor na mainam na lunas ang pag-aayuno para sa ilang "allergy" at sakit. Sa simpleng pagdisiplina sa sarili, natutulungan tayo ng pag-aayuno na pigilan ang mga nakasasamang adiksyon sa ating buhay.

PAGHAHANDA SA PAG-AAYUNO

"Tipunin mo ang lahat ng Judio na nandito sa Susa at mag-ayuno kayo para sa akin. Huwag kayong kumain o uminom sa loob ng tatlong araw. Ako at ang mga alipin kong babae ay mag-aayuno rin. At pagkatapos, pupunta ako sa hari kahit na labag sa batas. At kung papatayin man ako, handa akong mamatay."

Ester 4:16

1. Manalig sa Diyos!

Maingat at mapanalangin mong punuan ang pahina na may hiling panalangin. Humingi ng patnubay sa Banal na Espiritu. Gawing malinaw at detalyado ang mga ipananalangin para sa sarili, pamilya, pananalapi, at simbahan. Ito ang mga pinaniniwalaan mong tugon ng Diyos sa iyong panalangin sa loob ng linggong ito at sa buong taon. Asahan mong sasagot ang Diyos. Manatiling mapagpasalamat habang nag-aayuno at pagkatapos nito.

2. Pumili ng uri ng pag-aayuno.

Hinihikayat ang lahat na piliin ang "water only" o kaya "liquid fast" para sa pitong araw. Gayunman, dahil marami ang hindi kaya ang ganitong uri ng pag-aayuno dahil sa pagdadalantao, trabaho, o kundisyong medikal, mayroong ibang pagpipilian. Maaaring paghaluin ang iba't ibang klase ng pag-aayuno. Halimbawa, pwedeng "liquid fast" sa unang tatlong araw, at "one-meal-a-day fast" sa susunod na mga araw. Pwedeng pumili ng anumang kombinasyon ng pag-aayuno na akma sa iyong sitwasyon.

Ipanalangin mo ang uri ng iyong pag-aayuno, at sikaping tuparin ito. Iwasang pumili ng uri ng pag-aayuno sa mismong araw nito. Humingi ng tulong at lakas sa Diyos.

3. Planuhin ang mga susunod na araw.

Bawasan ang mga nakapanghihinang mga gawain sa panahong ito. Iwasang mapagod para mas maraming oras ang mailaan sa pananalangin at pagbabasa ng Bibliya.

4. Ihanda ang espiritu.

Higit sa lahat, ang ating taunang pag-aayuno ay panahon kung kailan nagtitiwala tayong mas makikilala pa natin ang Diyos. Maging handa na may ipakita ang Banal na Espiritu sa iyong mga bagay na dapat mong baguhin. Ang pagsisisi ay ang pundasyon ng pag-aayuno at pananalangin. Maging handa sa pagsisisi at pagbabago. Ialay ang lahat at buksan ang puso sa Kanya.

5. Ihanda ang katawan.

Maging maingat sa kabuuan ng pag-aayuno. Huwag kumain sa "eat-all-you-can" sa bisperas ng pag-aayuno bilang kapalit ng pitong araw ng hindi pagkain. Makababuti kung unti-unting ihahanda ang katawan para sa pag-aayuno. Unti-unting magbawas ng pagkain isang linggo bago magsimula ang pag-aayuno. Iwasan ang pagkaing matataba o may maraming asukal. Dalawang araw bago ang pag-aayuno, kumain ng sariwang prutas at gulay lamang. Kumunsulta sa doktor kung kinakailangan.

HABANG NAG-AAYUNO

[16]"Kapag nag-aayuno kayo, huwag ninyong tularan ang mga pakitang-tao. Sapagkat sinasadya nilang magmukhang malungkot para ipakita sa mga taon na nag-aayuno sila. Ang totoo, tinanggap na nila ang kanilang gantimpala. [17]Sa halip, kung mag-aayuno kayo, maghilamos at mag-ayos kayo ng sarili, [18]upang hindi malaman ng mga tao na nag-aayuno kayo, maliban sa inyong Ama na hindi nakikita. At ang inyong Ama na nakakakita sa ginagawa ninyo nang lihim ang magbibigay ng gantimpala sa inyo."

Mateo 6:16-18

1. Hanapin ang Panginoon.

Ilaan sa pananalangin at pagbabasa ng Bibliya ang oras na karaniwang ginagamit sa pagkain. Makilahok sa kahit isang "prayer meeting" sa inyong lokal na simbahan. Magkakaroon ng mga "prayer meeting" araw-araw sa bawat simbahan ng Victory sa kabuuan ng pag-aayuno. Tawagan ang pinakamalapit na simbahan ng Victory para sa "schedule." Maging handang tumugon sa sasabihin sa iyo ng Diyos.

Sa panahon ng pag-aayuno, hinihikayat namin kayong basahin at sagutan ang araling kalakip ng gabay na ito.

2. Magpasiyang magbago.

Anuman ang sabihin o ituro ng Diyos, agad mong gawin ito. Kung kailangan mong makipag-ayos sa isang tao, kausapin mo siya kaagad. Kung may mga asal o nakagawiang kailangang baguhin, iwasto mo ito. Magpatulong sa iyong "Victory group leader" sa pagsasagawa ng iyong desisyon.

3. Mga praktikal na gabay

a. Iwasan ang medikal pati ang "herbal" na gamot. Pero kung may kasalukuyang ginagamot sa iyo, huwag mong itigil ang pag-inom ng gamot nang walang pahintulot ng doktor.

b. Limitahan ang pisikal na gawain at ehersisyo. Kung araw-araw kang nag-eehersisyo, bawasan mo ito ng kaunti. Dalawa hanggang limang kilometro na lakad lang ang pinakamabigat na ehersisyong pupuwedeng gawin araw-araw habang nag-aayuno.

c. Magpahinga nang mabuti.

d. Manatili sa diwa ng pananalangin buong araw. Manalangin para sa iyong pamilya, simbahan, bansa, mga misyonero, "world missions," atbp.

e. Uminom ng maraming tubig.

f. Habang nag-aayuno, maging handa sa mga oras ng panghihina, pagiging mainisin, at pagkakabalisa.

PAGKATAPOS NG PAG-AYUNO

Pumili sina Pablo at Bernabe ng mga mamumuno sa bawat iglesya. Nag-ayuno sila at nanalangin para sa mga napili, at ipinagkatiwala nila ang mga ito sa Panginoon na kanilang pinananaligan.

Mga Gawa 14:23

1. **Unti-untiin ang pagkain.**
   Wakasan ang pag-aayuno gaya ng paghahanda mo rito. Huwag biglain ang katawan. Kakailanganin ng ating katawan ang hanggang pitong araw bago ito masanay muli sa normal na pagkain. Huwag agad kumain ng mabigat pagkatapos mag-ayuno. Magsimula sa prutas at "juice." Unti-unting magdagdag ng pagkain tulad ng gulay at nilagang patatas. Kumain nang paunti-unti at malimit sa buong araw.

2. **Ipagpatuloy ang pananalangin.**
   Huwag tumigil manalangin dahil tapos na ang pag-aayuno. Gamitin ang nakaraang pag-aayuno upang palakasin ang iyong buhay panalangin sa buong taon.

3. **Asahan ang sagot sa iyong mga panalangin.**
   Manalig na sasagutin ng Diyos ang mga panalangin mo. Huwag mawalan ng pag-asa at magsumikap sa pananalangin kahit wala pang nangyayari. Itago ang kopya mo ng "prayer points," at tingnan muli ito pagkatapos ng taon. Makikita mo rito kung paano sumagot ang Diyos at puwede mo itong ipagpasalamat.

PANGWAKAS

Purihin natin ang Diyos na makakagawa ng higit pa sa hinihingi o inaasahan natin sa pamamagitan ng kapangyarihan niyang kumikilos sa atin.

Efeso 3:20

Ang taunan nating pag-aayuno at pananalangin ay nagbibigay sa atin ng pagkakataong ihanay ang ating buhay sa kalooban ng Diyos at ialay sa Kanya ang bagong taon. At sa sama-sama nating pagpapakumbaba at pananalangin sa Kanya, maaasahan natin ang Kanyang dakilang pagkilos sa ating kalagitnaan.

Kalooban ng Diyos na tayo ay magtagumpay sa ating buhay. Manalig na kikilos ang Diyos sa buhay mo ngayong taon na mas higit pa sa maari mong hilingin o isipin. Ngayo'y tumanggap ka ng panibagong direksyon. Maging handang gawin ang mas dakila pang mga bagay sa Diyos ngayong taon!

Mabuhay ayon sa Espiritu

Kaya mamuhay kayo nang ayon sa nais ng Banal na Espiritu para hindi n'yo mapagbigyan ang pagnanasa ng laman.

GALACIA 5:16

"Mabuhay ayon sa Espiritu"—ang pangaral na ito ay kapwa magbibigay sigla at paghamon sa atin sa ngayon. Lahat tayo ay naghahangad na lumago sa ating ugnayan sa Diyos at mabuhay ng matagumpay na pamumuhay laban sa kasalanan. Gayon pa man, paano natin isasagawa ang mga ito? Ang mga isyu tungkol dito ay binigyang pansin ni Apostol Pablo ayon sa kanyang sulat sa mga taga Galacia.

Napag-alaman ni Pablo na may mga bulaang guro na nakapasok sa iglesia ng mga taga Galacia, na inuusisa ang karapatan niya bilang Apostol at siya raw ay nagtuturo alinsunod sa mga aral ng kautusan ng Hudyo at kaugalian nila upang maging Kristiyano at makatiyak sa kanilang kaligtasan. Ang mga katuruaang ito ay salungat sa ebanghelyo ni Pablo at ng mga iba pang Apostol na nangaral. Si Pablo ay sumulat upang salungatin ang ganitong maling katuruan na nakapasok sa iglesia ng mga taga Galacia at siya ay nagsusumamo na ang kanilang ugnayan sa Diyos ay ituon lamang kay Cristo, at pagkakaroon ng tiwala sa Kanyang ginawa.

Si Pablo ay labis na nababahala sa kalagayan ng nagsisimula pa lang na iglesia, gayun din ang kanyang pagkabigo dahil sa kawalan nila ng kaalaman sa mga pangyayari. Alam niya na ang mga maling ebanghelyo kapag di nabantayan ay ikapapahamak ang buhay ng iglesia na bago pa lang nagsisimula. Ang ganitong uri ng pagpapaliwanag ni Pablo ay makabuluhan pa rin maging sa ating panahon ngayon: Kung ano ang ibig sabihin ng isang Kristiyano at kung papaano ito isapamumuhay.

Sa paghahangad natin sa Diyos nitong panahon ng ating panalangin at pag-aayuno, nawa'y maintindihan natin ng husto ang mensahe ng ebanghelyo ni Cristo na nagbibigay laya, at matutunan natin ang ibig sabihin ng pamumuhay ayon sa Espiritu at mamunga ng tunay na malaya at taglay ang biyaya ng Diyos sa ating buhay.

PAG-ISIPAN

Katulad din ng mga bagay na naisulat ni Pablo sa mga taga Galacia ay nailahad din sa Konseho ng Herusalem at ito ay naitala sa aklat ng Mga Gawa 15:1-35. Basahin ang kabanata at pag-aralan ang mga sumusunod:

1. Anong itinuturo ni Pablo na kanilang pinagtatalunan (b. 1,5)?
2. Ayon kay Pedro, paano ba tayo naligtas (b.7-11)?
3. Paano ni Santiago at ng iba pang mga apostol isinasalarawan ang dulot ng mga maling katuruan (b.19,24)?

ISABUHAY

Kumuha ng kasama sa panalangin. Ipanalangin na ang Salita ng Diyos ay magbigay liwanag sa inyong puso at kaisipan. Maniwala na ang Diyos ang magbibigay sa inyo ng kakayahan upang lumakad ayon sa Kanyang kaparaanan.

1 Magandang Balita

6 Namangha ako dahil ang dali ninyong tumalikod sa Diyos na tumawag sa inyo sa pamamagitan ng biyaya ni Cristo. Bumaling kayo sa ibang magandang balita na hindi naman totoo. 7 Ang totoo, walang ibang magandang balita.

GALACIA 1:6,7

BASAHIN

Galacia 1:1-10
1 Corinto 15:1-11
Efeso 2:8-10
Roma 1:16,17, 11:6
Juan 6:28,29

Ang mabuhay ayon sa Espiritu ay nagmumula sa tamang pang-unawa sa ebanghelyo. Sa iglesia ng mga taga Galacia, may mga tao doon na nagtuturo ng ibang mensahe liban sa mensaheng ipinahayag ni Pablo. Sila ay nagtuturo na ang kaligtasan ay paniniwala kay Jesus at pagsunod sa kautusan ng mga Hudyo at mga kaugalian. Kung sa bagay, ang katuruaan na ito ay mukhang tama naman, parang katanggap-tanggap, ngunit para kay Pablo isa itong kalapastanganan ng ebanghelyo ni Cristo. Sa tototo lang, kanyang pinagtibay na ang ebanghelyo na ito ay "walang kwenta o walang katuturan" at siya ay nagbabala na ang pagtiwala dito ay magdudulot ng "habang buhay na paghahatol."

Kaya, ano na ngayon ang ebanghelyo? Ang salitang "ebanghelyo" ay nangangahulugan na magandang balita—sa kasong ito ay, ang kapanganakan ni Jesus, buhay, kamatayan, paglilibing, at muling pagkabuhay. Nangangahulugan lamang na ang ebanghelyo ay may kinalaman sa mga makasaysayang naganap sa nakaraang pangyayari. Salungat sa mga maling aral na itinuturo ng mga bulaang tagapagturo, ipinahayag ni Pablo na ang ebanghelyo ay WALANG KINALAMAN sa pagsunod sa kautusan ngunit ito ay may kinalaman sa pagtanggap at paniniwala sa balitang ginawa ni Jesus. Ang ebanghelyo ay ipinakikita ang pagkakaiba ng Kristiyanismo sa ibang relihiyon: ang turo ng relihiyon ay "GAWIN MO ITO" at ang turo ng Kristiyanismo ay "GAWA NA 'TO!"

At pati, itong balita ay maganda. Madalas na maganda ang balita lalu na kung naiintindihan mo kung gaano kasaklap ang masamang balita. Pagpapaliwanag ni Pablo ay ito: Kaya ba nating magampanan ang hinihingi ng pagiging banal at pagiging walang kapintasan? Kung kaya pala nating bunuin ang pagiging matuwid sa harap ng Diyos sa pamamagitan ng ating sariling pagsusumikap, bakit kailangan pa ni Jesus mamatay? Ang totoo niyan ay di natin kaya; iyan ang masamang balita na walang umabot sa pamantayan ng Diyos. Ang magandang balita ay si Jesus ay kaya Niya. At nagawa N'ya nga! Purihin ang Diyos na naghahatid sa atin ng kaligtasan at kalayaan!

PAG-ISIPAN

1. Paano isinasalarawan ni Pablo ang ebanghelyo ayon sa 1 Corinto 15:1-8?

   _____

   _____

2. Ano ang ibig sabihin ng "biyaya?" Ayon sa Efeso 2:8-10, paano tayo naligtas? Ano ang papel ng "mabuting gawa" sa ating kaligtasan?

   _____

   _____

ISABUHAY

- Nakita mo ba ang ebanghelyo bilang "magandang balita?" Bakit? Bakit hindi? Pagusapan n'yo ito ng kasama mo sa panalangin at ipanalangin n'yo ang higit na pang-unawa sa ebanghelyo at pagsasabuhay nito.
- Isiping mabuti ang nasasaad sa Galacia 1:10 at sa Roma 1:6,17. Ipanalangin na bigyan ka ng tapang upang ibahagi ang ebanghelyo sa iyong pamilya at mga kaibigan.

2 Buhay Kay Cristo

Namatay akong kasama ni Cristo sa krus. Hindi na ako ang nabubuhay sa aking sarili, kundi si Cristo na. Ipinapamuhay ko ang buhay kong ito sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak sa Diyos na nagmahal sa akin at nag-alay ng buhay niya para sa akin.

GALACIA 2:20

BASAHIN

Galacia 2:11-21
Roma 6:1-11
Filipos 3:4-9
2 Corinto 5:17-21
Efeso 1:3-14

Ano ang mangyayari kapag naniwala tayo sa ebanghelyo? Si Pablo ay piniling gumamit ng salitang alinsunod sa batas upang isalarawan ang ating katayuan kay Cristo: "pinawalang-sala." Ang sinumang pinawalang sala ay ipinahayag na matuwid. Bago pa man tayo maniwala sa ebanghelyo, ang ating kalagayan sa harapan ng Diyos ay kasumpa-sumpa. Subalit sa sandaling tayo ay nagtiwala sa ginawang pagtubos sa atin ni Cristo, dali tayong inihahayag na "WALANG SALA" na para tayong di nagkasala! Ang ating mga kasalanan ay na kay Cristo na at hinusgahan na sa krus, ang Kanyang katuwiran ay ating karangalan at napasa sa atin.

Ito rin ang dahilan bakit ipanahayag ni Pablo: "Di na ako ang nabububuhay, si Cristo na ang nabubuhay sa akin!" Ang ebanghelyo ay di lamang magandang balita ukol sa nakaraang pangyayari, ito ay katayuan natin sa kasalukuyan sa pananalig kay Cristo. Kay Cristo, tayo ay matuwid. Sa Kanya, tayo ay tinanggap. Sa Kanya, tayo ay malaya, Ang ating pagkakilanlan ay sa buhay ni Cristo sa Kanyang pagkamatay at sa Kanyang muling pagka-buhay. Kapag tayo ay tiningnan ng Diyos, hindi na Niya nakikita ang ating kasamaan—nakikita Niya si Jesus sa atin na walang kapintasan. Kahit na ang kasamaan natin ay di natin lubusang nakikita, mahal tayo ng Diyos nang higit pa sa ating pinaniniwalaan. Sa totoo lang, mahal tayo ng Diyos na parang tayo ang nabuhay para kay Jesus na walang sala.

Nangangahulugan ba ito na patuloy tayong magkakasala? Hindi na maarari yan! Ang biyaya ng Diyos ang pinakamainam na sa higit nating pagtanggap sa ebanghelyo na nag-uumapaw sa ating puso, higit pa itong mag-uudyok sa atin na ipamuhay ito. Ang ating mga "galaw ay ayon sa katotohanan ng ebanghelyo." Ang ating sigla na magkasala ay lalaho na ng tuluyan. Tayo ay makapamumuhay nang may kabanalan, hindi upang magpakitang gilas sa Diyos, subalit, dahil ito na ang ating pagkakakilanlan kay Cristo. Gugustuhin nating makilala ng ating mga mahal sa buhay si Cristo tulad natin. Tunay nga na wala tayong magagawa kundi ang ibigay sa Kanya lahat—Siya na nagligtas sa atin, nagmahal at nag-alay ng Kanyang sarili para sa ating lahat.

PAG-ISIPAN

1. Pag-aralan kung paano tiningnan ni Pablo ang kanyang pambihirang relihiyon ayon sa Filipos 3:4-9. Ano ang basehan ng kanyang tiwala sa Diyos?

   _____

2. Batay sa pangangatuwiran ni Pablo sa magiging dulot ng biyaya ng Diyos sa kasalanan ayon sa Roma 6:1-11, paano mo iuugnay ang kasalanan sa atin?

   _____

ISABUHAY

- Pagmunimunihan ang Efeso 1:3-14. Purihin ang Diyos para sa katotohanan ng iyong bagong pagkatao kay Cristo.
- Hilingin sa Banal na Espiritu na ipakita sa iyo ang mga bahagi ng iyong buhay na hindi naaayon sa katotohanan ng ebanghelyo. Tugunan ng panalangin at pagsisisi ang pangunguna ng Diyos.

3 Walang Patid na Pananampalataya

. . . Nagsimula kayo bilang mananampalataya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu, bakit ngayon pinipilit ninyong magpakabanal sa pamamagitan ng sarili n'yong pagsisikap?

GALACIA 3:3

BASAHIN

Galacia 3:1-5
Roma 5:1-11
Colosas 2:6-10
Filipos 1:3-10

"Paano ba natin ipamumuhay ang buhay Kristiano?" Ito ang pinakabuod ng kontrobersiya sa mga taga Galacia, at si Apostol Pablo ay di nag-alinlangan na pagsabihan ang mga tao dito upang linawin na ang pamumuhay sa Espiritu ay ang walang patid na pamumuhay na may pananalig sa ginawa ni Cristo, at pagpapaalala sa ating sarili na ang ebanghelyo ay kapangyarihan ng Diyos, hindi lamang para sa ating kaligtasan, pati na rin sa pagbabago, pagpapabanal, at paglago pang espirituwal.

Gayon man, sumasang-ayon man tayo sa isang kaisipan na tanging ang ebanghelyo ang siyang maaring makakapagpabago sa atin tulad ng mga taga Galacia, posibleng magsimula tayo sa pananalig ngunit susubukang makamtan ang kabanalan sa laman. Maari nating sabihin na, " Salamat sa Diyos, ako ay naligtas. Ako na lang ang mag-aayos ng sarili ko. Marami ka ng nagawa para sa akin, ngayon, ito na ang pagkakataon ko na gumawa para sa Iyo." Ginagawa natin ang lahat na naaayon sa Kanyang sakripisyo. Ginagawa natin ang dapat—pagbabasa ng Bibliya, paglayo sa tukso, pagmamahal, pag-aayuno, at pananalangin—lahat ng ito ay kaanya-anyaya at katanggap-tanggap sa Diyos at sa iba. Sa bandang huli, sa ating palagay, tinutulungan ng Diyos ang mga tumutulong sa kanilang sarili.

Gayon man, ang ebanghelyo ay magandang balita dahil hindi natin kakayaning tulungan ang ating sarili. Maari lamang nating ipamuhay ang ating buhay Kristiyano kung paano natin ito sinimulan—yan ay ang pagkakaroon ng tiwala at yaman na na kay Cristo! Tanging ang ebanghelyo lang ang may kapangyarihang magpabago sa ating mga masidhing pag-uudyok. Tulad ng ating matututunan na tanggapin at magalak sa pang-araw-araw na paglalaan ni Cristo sa krus, ang Kanyang biyaya'y nagdudulot ng bunga ng kabanalan at pagiging tulad kay Cristo sa katangian at pamumuhay.

PAG-ISIPAN

1. Basahin ang Roma 5:1-11. Ano ang ating espiritwal na katayuan bago makiklala si Cristo (b. 6,8)? Anong mga kabutihan ang natatamasa natin kay Cristo?

   _____

2. Ayon sa Colosas 2:6-10, papaano tayo tinuturuang isapamuhay ang buhay Kristiyano? Papaano tayo nadadala sa kaganapan at pagiging kumpleto?

   _____

ISABUHAY

- Ano ang iyong inaasahan upang isakatuparan ang pagiging maka–Diyos? Pagiging kagaya ni Cristo sa katangian? Katagumpayan laban sa kasalanan? Hingin sa Diyos na maihayag sa iyo kung ikaw ba ay umaasa lamang sa sariling pagsisikap o sa pagtitiwala kay Cristo sa Kanyang biyaya.
- Basahin ang Filipos 1:3-11. Saan malakas ang loob ni Pablo? Papaano ka magiging "katuwang sa ebanghelyo?"

4 Mga Tagapagmana ng Kasunduan

Noon pa man, sinasabi na sa Kasulatan na ituturing ng Diyos na matuwid ang mga Judio sa pamamagitan ng pananampalataya nila. At ang Magandang Balitang ito'y ipinahayag ng Diyos kay Abraham nang sabihin niya, "Pagpapalain ko ang lahat ng bansa sa pamamagitan mo."

GALACIA 3:8

BASAHIN

Galacia 3:6-9
Genesis 12:1-3
Genesis 15:1-19
Roma 4:1-25
Juan 8:31-59

Ang natutunan ng mga taga Galacia ay ang sumunod sa kautusan ni Moises AT ang maniwala kay Jesus ng sa gayon ay maligtas. Si Apostol Pablo, sa kanyang pakikipagtalo ukol sa usapin sa tunay na ebanghelyo na ito ay ayon sa biyaya sa pamamagitan ng pananalig, ginamit niyang halimbawa si Abraham bilang pangunahing panangga. Bakit si Abraham, at ano ang kinalaman niya sa ating panahon ngayon?

Si Abraham ang nauna kay Moises at naitatag na ang mga kautusan at mga kaugalian ng Hudyo ng maraming daang taon. Si Pablo ay nagbigay-diin sa bagay na ginawang kasunduan ng Diyos kay Abraham na siya ay pinagpala at si Abraham ay "nanalig lamang at ito ay nagbigay karangalan sa kanya bilang matuwid"—siya ay pinawalang-sala ng kanyang pananampalataya. Si Abraham, dahil dito ay naging "ama ng lahat ng mananalig." Lahat ng nanalig sa ebanghelyo ni Cristo tulad ni Abraham ay itinalagang matuwid dahil sa pananalig at naging tagapagmana nang lahat ng pagpapala pang espirituwal. Kay Cristo, maari nating hingin ang bawat pangako ng kasunduaan ng Diyos kay Abraham, na parang sa atin Siya mismong nangako!

Ipinakita ni Pablo na ang pangako ng Diyos ay para sa lahat ng bansa, at sila ay pinagpala sa pamamagitan ni Abraham na siya na ring panimula para sa ebanghelyo na natupad kay Cristo. Tama nga ang inihayag ni Abraham na "ang Diyos mismo ang maglalaan ng batang tupa" (basahin ang Genesis 22:7,8). Si Jesus ay tunay na Anak ng Pangako. Ipinanganak sa pamamagitan ng mala-himalang pangyayari, Siya ay nabuhay ayon sa pamumuhay na may pagsunod ng lubos sa Ama, hanggang sa krus, ang Kanyang sakripisyo ay naglaan ng buhay sa lahat ng nananalig.

PAG-ISIPAN

1. Pagmunimunihan ang Galacia 3:8. Anong papel ang ginagampanan ng Kasulatan? Papaano ipinakikita ng talata ang kamangha-manghang katapatan ng Diyos sa Kanyang Salita?

   _____

2. Basahin ang Roma 4. Ano ang pinagkaiba ng mga nagtratrabaho para kumita sa mga tumatanggap lang ng regalo? Ano ang pinakabuod ng sinasabi ni Pablo sa b. 16? Anong halimbawa ang tinuturo ni Abraham sa atin tungkol sa pananampalataya?

   _____

ISABUHAY

- Basahin ang Genesis 12:1-3. Tingnan ang pangakong ito bilang nakatuon sa iyo si Cristo. Kasama ang iyong kapanalangin, ipagdasal na maranasan mo ang pagpapalang ito sa iyong buhay at gawain sa pagpapamuhay mo sa Espiritu.

- Ilista ang mga biyayang nakasaad sa kasunduang binigay kay Abraham na maari mong panghawakang mangyayari sa iyo bilang bahagi ng iyong mana.

5 Malayang Umibig

. . . Ang tanging mahalaga ay ang pananampalatayang nakikita sa pamamagitan ng pagmamahalan.

GALACIA 5:6

BASAHIN

Galacia 5:1-15
Tito 2:11-14
Efeso 3:16-21
Lucas 10:25-37
Roma 13:8-10

Si Apostol Pablo ay nagbabala tungkol sa dalawang patibong na maaring kahinatnan ng mga mananampalataya na hindi pa lubusang naiintindihan ang ebanghelyo. Una, ay ang pagbalik sa akalang, "Ako ay katanggap-tanggap sa Diyos dahil sa ginagawa ko" (b.1). Hindi ito pagpapamuhay para sa Diyos kundi tangka lamang na iligtas ang sarili. Sinasabi ni Pablo na si Cristo ang nagligtas sa atin upang tayo ay palayain sa pabigat na iligtas natin ang ating mga sarili. Hindi na grasya ang tawag sa grasyang may kabayaran.

Ang ikalawang panganib ay ang tingnan natin ang ating kalayaan kay Cristo bilang pahintulot na mamuhay ayon sa ating naisin (b.13). Ang grasya ay hindi ibinigay sa atin upang mag-abuso sa kasalanan. Sa kabilang banda, ito ay ibinigay upang "turuaan tayo na tumanggi sa kasamaan." Iniisip mo marahil, "Pwede naman akong mamuhay ayon sa gusto ko dahil ako ay pinatawad na." Ipinakikita lamang nito na si Cristo ay wala sa gitna ng ating puso kundi ang ating sariling layaw. Ang pagiging malaya sa kautusan ay hindi nangangahulugang tayo ay malaya na lumikha ng sariling pamantayan sa pag-uugali at moralidad. Ang mamuhay ayon sa Espiritu ay pagkakaroon ng kautusan ng Diyos na nakaukit sa ating puso. Hindi natin maaring abusuhin ang ating kalayaan kay Cristo sa pagpasok natin sa kawalan ng kautusan.

Upang maiwasan ang mga pagkakamali, kailangan nating ipahayag ang ebanghelyo sa ating sarili sa araw-araw. Pagpapaalala natin sa ating mga puso na kung bakit ang ebanghelyo ay magandang balita. Iniisip nating mabuti kung sino tayo at ano ang mayroon tayo kay Cristo. Ang ganitong disiplina na madalas nating ipagdiwang na ang paglalaan ni Cristo ay maghahatid sa atin ng panibagong sigla—pag-ibig na may kabanalan sa Diyos at sa iba ay napapalitan ng ating pamumuhay sa sariling lakas. Para sa mga nakaunawa na sila ay pinatawad ng malaki, ay malaki rin magmahal. Ang kakayanan nating sundin ang pinakadakilang utos—ang mahalin ang kapwa tulad ng pagmamahal sa sarili—ay siyang tanda na buhay at namumunga ang ebanghelyo sa ating mga kaluluwa.

PAG-ISIPAN

1. Basahin ang 1 Corinto 13:1-13. Gaano kahalaga ang pag-ibig sa isang mananampalataya?

   _____

2. Pag-aralan ang Roma 13:8-10 na isinasaisip ang Galacia 5:6,13,14. Anong pagkakautang ang ating pananatilihin? Sino ang tumupad sa kautusan (b.8)? Ano ang katuparan ng kautusan (b.10)?

   _____

ISABUHAY

- Pag-isipang maigi ang Galacia 5:13. Hingin sa Banal na Espiritu na ihayag sa iyo kung ginagamit mo ang iyong kalayaan upang "magpakasasa sa pita ng laman" at tumugon sa gabay ng Banal ng Espiritu nang may pagpapakumbaba, pagsisisi, at pananalig.
- Mataimitim na pag-aralan ang Lucas 10:25-37. Manalig sa Diyos sa pagkakataong "mahalin ang iyong kapwa" sa buong linggong ito.

6 Magpatuloy sa Hakbang

At dahil nga namumuhay na tayo sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, magpatuloy tayo sa patnubay nito.
GALACIA 5:25

BASAHIN

Galacia 5:16-26
Roma 7:14-8:17
Juan 15:1-17
2 Corinto 3:12-18

Paano tayo binago ng ebanghelyo ng ganap? Ang Apostol Pablo'y sumagot: "Sa pamamagitan ng Espiritu!" Sa sandaling tayo ay magtiwala sa ebanghelyo, ang Banal na Espiritu'y mananahan sa ating puso at ito ay magbubunga sa ating bagong kalikasan—na may pagkagutom ng higit sa kabanalan ng Diyos, naghahangad na makita ang Kanyang luwalhati, at naghahangad na gawin ang kalooban ng Niya.

Ang ating bagong kalikasang nagnanais sa Diyos ay madalas salungat sa ating lumang makasalanang paghahangad. Kay Cristo, hindi natin magawang magkasala; bago pa tayo mapasa-kay Cristo, ang tanging alam lang natin ay ang kasalanan. "Magpapatuloy ang ating mga hakbang sa Espiritu" kapag araw-araw nating sinunod ang mga hangaring nagpaparangal sa Diyos na dulot ng Espiritu sa atin sa halip na pagbigyan natin ang pita ng laman. Kapag tayo ay tumugon sa pangunguna ng Espiritu, nalalampasan natin ang hangad ng laman at nararanasan natin ang tunay na kalayaan ng ating pagka-Kristiyano. Tayo ay nakadarama ng kalayaan na gumalaw ayon sa pagkakalalang sa atin—ang mabuhay na niluluwalhati ang Diyos.

Ang paglalakad sa Espiritu kung magkagayon ay madalas, palagiang kasanayan ng pagpapatuloy kay Cristo, pagninilay-nilay sa Kanyang Salita, at pagsunod sa pangunguna ng Espiritu. Sa ganitong uri ng pamumuhay magpapatuloy ang ating puso na mapayapa, nasisiyahan, at nagagalak sa Diyos na nagbubunga ng kawalang-gana sa kasalanan at nagdudulot ng katangian ni Cristo sa ating buhay.

Ang Banal na Espiritu ay gumagalaw sa atin upang baguhin ang mga udyok natin at upang tumulad ang ating kaisipan, nararamdaman, at mga gawi na maging tulad ng kay Cristo. Tulad ng ating panimula sa kapangyarihan ng Espiritu, hindi natin inaasahan ang sariling lakas loob lamang kundi ang kabuuan ni Cristo sa Kanyang paglalaan at sa kakayahan ng Banal na Espiritu upang tayo ay baguhin at linisin.

PAG-ISIPAN

1. Papaano ni Pablo ipinakita ang salungatan ng kuro-kuro sa pagitan ng luma at bagong kalikasan sa Roma 7:14-8:17? Ano ang kanyang kasagutan sa problemang nakita? Anong papel ang ginagampanan ng Banal na Espiritu?

   _____

2. Basahin ang Juan 15:1-17. Papaano tayo makapamumunga? Anong uri ng bunga ang ating dapat taglayin?

   _____

ISABUHAY

- Gawing aralin ang salita ng iba't-ibang "gawa ng likas na kasalanan" na naka hanay sa b. 19-21. Paghambingin ito ayon sa "bunga ng Espiritu" sa b. 22,23. Pag-usapan ang ilang mga pananaw kasama ng iyong kapanalangin.
- Basahin ang 2 Corinto 3:12-18. Ano ang ibig sabihin ng pagbabaling sa Diyos (b.16) at pagsasapuso ng Kanyang kaluwalhatian (b.18)? Paano mo isasama ang ganitong pagsasanay sa iyong pang araw-araw na sandali sa Diyos?

7 Magpatuloy Gumawa ng Mabuti

Kaya huwag tayong magsawa sa paggawa ng mabuti, dahil sa tamang panahon matatanggap natin ang ating gantimpala kung hindi tayo susuko.

GALACIA 6:9

BASAHIN

Galacia 6:7-10
Isaias 40:28-31
Filipos 1:3-26
1 Tesalonica 1:3
Pahayag 2:2-5

Sa pagsasara ng liham ni Apostol Pablo, kanyang binigyang-diin ang kanyang pangunahing babala: "Huwag kayong magpaloko!" Mga bulaang guro, ang sarili nating likas na kasalanan, ang ating mga sagupaan sa loob ng simbahan—lahat ng ito ay nagpapakita lamang ng tunay na mga panganib upang hadlangan ang ating lakbayin kay Cristo. Gumagamit siya ng mga pagsasalarawan ng paghahasik at pag-ani upang parehong balaan at pasiglahin tayong patuloy na tumanggi sa panlilinlang at panghawakan natin ang tunay na ebanghelyo.

Una, "aani tayo *kung ano man ang ating tinanim*." Kaya, kung nais nating umani ng bigas, huwag tayong magtanim ng mais. Gayun din, "*aanihin natin* kung ano ang ating tinanim." Kahit may mga binhi na mas matagal lumago kaysa sa iba, darating din ang panahon na lalago at mamumunga ang ating mga itinanim. Kung patuloy tayong magtatanim upang masiyahan ang ating laman, tiyak na aani tayo ng katiwalian, takot, inggit, pagkasira, at kamatayan. Hindi tayo maaring magbulag-bulagan sa paniniwalang walang masamang kahihinatnan. Sa kabilang banda, kung hindi tayo mapapagod magtanim ukol sa ikasisiya ng Espiritu, sa tamang panahon, aani tayo ng may kasaganahan ng buhay, pag-ibig, kapayapaan, ligaya, pagka- makaDiyos , at mga iba't-ibang uri ng pagpapala kay Cristo!

Sa madaling salita, huwag susuko! Huwag aayaw! Huwag masiraan ng loob! Ituloy ang hakbang! Mahalin ang bawat isa! Maari tayong manalig sa pamamagitan ni Cristo kahit tayo ay parang nasa gitna ng tagtuyot dahil may Espiritu na tumutulong sa atin at di magtatagal ay aani rin tayo ng katuwiran, kapayapaan, at ligaya. Bilang pagtatapos ng ating panalangin at pag-aayuno sa mga panahong ito, nawa'y mamuhay tayo araw-araw nang may galak sa ebanghelyo, na manaig ang Espiritu, at magpatuloy ang ating pananalig hanggang sa huli. Nawa'y mag-umapaw tayo sa pag-ibig at mabubuting gawa na magbibigay luwalhati sa Panginoong Jesu-Cristo!

PAG-ISIPAN

1. Basahin ang Filipos 1:3-14. Ano ang pagtanaw ni Pablo sa kanyang pagkakulong at mga paghihirap? Bakit ganito ang tingin Niya? Paano ba dapat ang ating pagtugon (b. 27)?

   _____

   _____

2. Papaano ka mapapasigla ng nakasulat sa Salmo 126, lalo na ang b. 5,6, na magpatuloy na maghasik sa iyong pananampalataya?

   _____

   _____

ISABUHAY

- Ipaghambing ang pangangaral sa 1 Tesalonica 1:3 at Pahayag 2:2-5. Ano ang ayaw ng Diyos sa mga taga iglesia ng Efesos? Ano ang maaari nating matutunan sa paghahambing? Pag-usapan ang inyong mga pananaw kasama ang iyong mga kapanalangin.

- Ayon sa Isaias 40:28-31, sino ang pinagmumulan ng lakas ni Isaias? Papaano natin ito mararanasan araw-araw?

Ngayong taon, nananalig ako sa Diyos para sa . . .

PERSONAL

Espirituwal na pagbabago • Paggaling • Kaunlaran at kasaganaan
Bukas-palad na pagbibigay

PAMILYA

Pagkakasundo • Kaligtasan ng pamilya

PAG-AARAL/TRABAHO

Kahusayan • Pag-angat

GAWAIN SA SIMBAHAN

Paglago ng "Victory group" • Kaligtasan ng mga kaopisina, kaklase, mga boss, at empleyado

"Sinasabi ko rin sa inyo na kung magkasundo ang dalawa sa inyo rito sa mundo na ipanalangin ang anumang bagay, ipagkakaloob ito ng aking Amang nasa langit."
Mateo 18:19

KASAMA SA PANANALANGIN

SCHEDULE

1 FASTING OPTIONS
○ Water fast
○ Liquid fast
○ Eat one meal only
○ Others:
Prayer meeting to attend:

2 FASTING OPTIONS
○ Water fast
○ Liquid fast
○ Eat one meal only
○ Others:
Prayer meeting to attend:

3 FASTING OPTIONS
○ Water fast
○ Liquid fast
○ Eat one meal only
○ Others:
Prayer meeting to attend:

4 FASTING OPTIONS
○ Water fast
○ Liquid fast
○ Eat one meal only
○ Others:
Prayer meeting to attend:

5 FASTING OPTIONS
○ Water fast
○ Liquid fast
○ Eat one meal only
○ Others:
Prayer meeting to attend:

6 FASTING OPTIONS
○ Water fast
○ Liquid fast
○ Eat one meal only
○ Others:
Prayer meeting to attend:

7 FASTING OPTIONS
○ Water fast
○ Liquid fast
○ Eat one meal only
○ Others:
Prayer meeting to attend:

Karapatang Pag-aari © 2011 EVERY NATION PRODUCTIONS
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica®
Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari

Bisitahin ang www.victory.org.ph para sa karagdagang impormasyon.